ISSN 2672-2879
9 772672 287003 02
Tomo 1 Blg. 2, Marso-Abril 2019

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

*Ayon sa dating OFW na ngayo'y maggagatas na*

## 'Totoong may kita sa gatas ng kalabaw'

NINA KIMBERLY TURAJA AT MA. CECILIA IRANG

**Sa kabila ng mga ilang negatibong komentong naririnig niya mula sa mga kapitbahay patungkol sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, hindi pinanghinaan ng loob at nagpaapekto si Freddie Ledda, 48, ng Cabaritan Sur, Naguilian, La Union.**

Isa sa mga natanggap ni Ka Freddie na negatibong komento ay "napakahirap alagaan ng mga kalabaw".

"Hindi ako huminto sa pag-aalaga kahit sabihin pa nilang mahirap dahil na-*inspire* ako sa mga nababasa kong kwento sa mga magasin ng PCC. Nakasaad doon ang mga testimonya ng mga magsasaka tungkol sa kanilang kita mula sa gatas ng kalabaw," wika ni Ka Freddie.

Taglay ang paniniwalang may kita sa gatas ng kalabaw, pinagpatuloy niyang paramihin ang mga alaga. Hindi naman siya nabigo, mayroon na siya ngayong 18 alagang kalabaw at napatunayang may kita nga sa paggagatas gaya ng kanyang nababasa sa magasin.

**PAGSISIMULA**

Si Ka Freddie ay may dalawang anak. Siya ay dating *Overseas Filipino Worker (OFW)* na nagtrabaho bilang isang elektrisyan sa Saudi ng dalawang taon.

Dahil sa hirap ng trabaho, nagdesisyon siyang umuwi ng bansa noong 2003 upang makasama ang kanyang asawa at masubaybayan ang kanyang mga anak.

Sa kanyang pagbabalik, sinubukan niyang maghanap-buhay. Namasada siya gamit ang *tricycle* na naipundar niya nguni't itinigil din niya ito dahil, aniya, madalas hindi sumasapat at hindi sigurado ang kanyang kita.

Taong 2014 nang mahikayat naman siya ni Jessie Aromin, isang *village-based AI* teknisyan, na mag-alaga ng gatasang kalabaw kaya bumili si Ka

SUNDAN SA P.2

## 'Agripreneurship' daan tungo sa mas matibay, progresibong industriya—Serrano

NI CHARLENE JOANINO



**"Milyun-milyong lokal na magsasaka, lalong lalo na mga negosyante ang nakapagpapasok ng kita sa bansa at siguradong mananatili sa Pilipinas. Sila ang tagapagtaguyod ng isang matatag at progresibong industriya," ani Department of Agriculture for Policy and Planning Undersecretary Segfredo Serrano sa kanyang mensahe sa 26th *anniversary program* ng Philippine Carabao Center (PCC) noong Ika-27 ng Marso sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.**

Kabilang sa mga nagsipagdalo sa programa ay mga mangagalabaw na ngayo'y negosyante na rin o tinatawag na "carapreneurs" (pinagigsing termino para sa *carabao entrepreneurs*).

Ang tema ng anibersaryo ay "Empowering 'Carapreneurs': Our Purpose in Focus".

"Aming tinawag ang mga mangagalabaw na "carapreneurs" sapagkat nais namin silang mag-alaga ng mga kalabaw at maging mga matalinong negosyanteng kayang palaguin ang kanilang kabuhayan," ani Dr. Arnel del Barrio,

SUNDAN SA P.3

## BODACO tumanggap ng P600k halagang *SSF grant*

NINA MA. CECILIA IRANG AT LEINEFE ATON




**Nakatanggap ng tatlong yunit ng *soft ice cream machines* ang Bohol Dairy Cooperative (BODACO) mula sa proyektong *Shared Service Facility (SSF)* ng Department of Trade and Industry (DTI) noong Marso 22 sa Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (PCC sa USF), Lomangog, Ubay, Bohol.**

Humiling ang BODACO na makakuha ng nasabing kagamitan, na nagkakahalaga ng Php600,000 para mapataas ang produksyon ng paggawa ng *ice cream* nito, na itinuturing na pinakamabentang produkto ng kooperatiba.

Ang koop ay mayroon ng dalawang *soft ice cream machines* noon na ipinagkaloob ng Korea International Cooperation Agency (KOICA). Ang mga ito ay nakapuwesto sa palengke ng Ubay at Alicia.

Ayon kay Shirley Molina, *general manager* ng BODACO, may idadagdag na isang *machine* sa

SUNDAN SA P.3



> Hindi ako huminto sa pag-aalaga kahit sabihin pa nilang mahirap dahil na-*inspire* ako sa mga nababasa kong kwento sa mga magasin ng PCC. Nakasaad doon ang mga testimonya ng mga magsasaka tungkol sa kanilang kita mula sa gatas ng kalabaw."

**FREDDIE LEDDA**
Dairy Farmer
Naguilian, La Union

## *Ayon sa dating OFW...* MULA SA P.1

Freddie ng isang *crossbred* na kalabaw. Ayon sa kanya, pagkaraan ng anim na buwan ay nabuntis na ito.

Taong 2015, nagsimula na itong magbigay ng gatas. Lima hanggang anim na litro ang nakolekta niya araw-araw sa loob ng 10 buwan. Ipinagbibili niya noon ang kanyang aning gatas sa halagang Php50 kada litro.

Laking tuwa ni Ka Freddie nang mahawakan niya ang unang kita niya sa bagong negosyong sinuong niya. Naranasan niya ang araw-araw na kitang hatid ng gatasang kalabaw kaya naman hindi siya nag-atubiling dagdagan pa ang kanyang alaga at bumili ng isa pang inahing *crossbred*.

"Ngayong may gatasang kalabaw na ako at kumikita na, madali na akong nakapagbibigay ng baon sa eskwelahan ng aking mga anak at natutustusan na rin ang pang araw-araw na pangangailangan ng aking pamilya," ani Ka Freddie.

"Nakapagpagawa rin ako ng kulungan ng mga kalabaw ko, nakabili ng kolong-kolong at *jeep* panghakot ng pakain," dagdag niya.

Hindi na rin nagsayang pa ng panahon si Ka Freddie, sa parehong taon, nakipag-ugnayan siya kay Carlo Jowan Aspiras Jr., AI teknisyan ng PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC sa DMMMSU) upang ipahayag ang kanyang interes na umaplay sa programang paiwi ng PCC para madagdagan ang kanyang alagang kalabaw.

Matapos ang isinagawang pagsusuri kung siya ay kwalipikado, tinugunan ni Dir. Gloria M. Dela Cruz, *center director* ng PCC sa DMMMSU, ang kanyang kahilingan. Siya ay napahiraman ng dalawang purong lahing gatasang kalabaw bilang inisyal na "paiwi" sa ilalim ng *family module* ng PCC at tinuruan din siyang magtanim ng pakaing damo.

### MAY KITA SA GATAS NG KALABAW

Kasabay ng pagdami ng kanyang alagang kalabaw ay ang pagdami rin ng kanyang nakokolektang gatas. Nguni't gaya ng karaniwang nagiging problema sa isang negosyo, naging suliranin ni Ka Freddie kung saan niya ibebenta ang mga gatas.

"Noong una, ayaw bilhin ng mga kapitbahay ko 'yong gatas ng kalabaw sa kaisipang ito ay madumi dahil ang mga kalabaw daw ay lumulublob sa putikan," kwento niya.

Nguni't hindi sumuko si Ka Freddie, ipinaliwanag niya ang paraan niya ng pag-aalaga at paggagatas sa mga kalabaw para matiyak na malinis ang gatas.

"Noong mapatikman ko sa kanila, napagtanto nila masarap pala ang gatas ng kalabaw," ani Ka Freddie.

Sa kanyang paghahangad na maipakilala ang gatas ng kalabaw, sinubukan ni Ka Freddie na magbenta sa munisipyo ng Naguilian, La Union at maging sa mga paaralan. Hanggang sa dumating ang panahon na siya'y nakilala at dinarayo na ng mga mamimili sa kanyang bahay, ilan sa mga ito ay *Indian Nationals*.

Ang kanyang mga anak at mga kamag-anak ay natuto na ring uminom ng gatas. Nang lumaon, nakumbinsi rin niya ang kanyang kamag-anak, kapitbahay, maging ang iba pang magsasaka, na sumubok ding maggatas ng kalabaw.

Lima ngayon ang ginagatasang kalabaw ni Ka Freddie na ang nakokolekta niya ay ipinagbibili niya sa halagang Php75-Php80 kada litro.

Siya ay may kabuuang kita *(gross income)* na hindi bababa sa Php40,000 kada buwan, mas malaki aniya kumpara sa Php17,000 na kinikita niya noong siya ay nasa Saudi.

"Totoo nga, sa gatas ng kalabaw siguradong araw-araw ang kita. Hindi ko na kailangan pang malayo sa pamilya ko para lang kumita ng pera," patotoo niya.



## BODACO.. MULA SA P.1

tindahan nila sa Alicia habang papalitan naman ang nasirang yunit sa tindahan nila sa Ubay. Gayunpaman, hindi pa napagkakasunduan kung saan ilalagay ang natira pang makina.

"Ang hamon ngayon ay pataasin ang produksyon," ani Dr. Glen Dolorícos, representante mula sa Provincial Government ng Bohol. Binigyang-diin niya na sa bawa't matatanggap na kaloob ay kailangan mayroong pag-unlad sa koop lalung-lalo na sa mga miyembro nito.

Idinagdag naman ni Dr. Gundolino Bajenting, *officer in-charge (OIC)* ng PCC sa USF, na ang tanging paraan para mapabilis ang pagtaas ng produksyon ng gatas ay paramihin ang bilang ng mga magsasakang naggagatas ng kanilang mga kalabaw. Sinabi rin niya na laging nakasuporta ang PCC sa mga adhikain ng kooperatiba.

"Ang pag-apruba sa proposal ng kooperatiba ay hindi naging madali pero hindi rin naman ganoon kahirap," ani Marisol Balistoy, *OIC-provincial director* ng DTI-Bohol.

"Kailangan nitong dumaan sa masusing pagsusuri at pagpapatunay para matiyak na hindi makokompromiso ang mga patnubay sa ilalim ng *SSF project*," dagdag niya.

Ang *SSF* project ay isang pangunahing bahagi ng *Micro, Small & Medium Enterprise Development (MSMED) program* ng DTI na naglalayong punan ang mga puwang sa produksyon ng negosyo para mapataas ang kita.

Ipinaliwanag ni Balistoy na kaya naging kwalipikado ang BODACO na makatanggap ng kagamitan ay dahil sa naipakita nito ang kumpletong *value chain* sa kabuhayang salig sa kalabaw. Mayroon itong produksyon ng gatas, pagpoproseso, at marketing operations sa mga natukoy na puwang.

Bagama't naipagkaloob na ang mga makina sa grupo, nasa pag-aari pa rin ito ng DTI hanggang tatlong taon, gaya ng nakasaad sa *memorandum of agreement (MOA)*. Pagkatapos ay maaari nang mailipat sa pag-aari ng koop ang mga kagamitan sa sandaling mapatunayan na ang proyekto ay talagang napataas ang kita at napaunlad ang trabaho ng grupo.

Labis ang pasasalamat ni Lita Aranas, isa sa mga *Board of Directors* ng kooperatiba na kumatawan sa *chairman* noong *launching activity*, sa Diyos na ginawang instrumento ang DTI para mapagkalooban sila ng kanilang inaasam-asam na karagdaragang kagamitan. Sinabi rin niya na buong-pusong tinatanggap ng kooperatiba ang biyaya at responsibilidad sa *SSF project* at nangangakong maayos nila itong pangangasiwaan at gagawing kapaki-pakinabang sa tulong ng Diyos.

Nagpaabot din ng kani-kanilang suporta sa pamamagitan ng pagdalo at pagbibigay ng mensahe sina: Benedicto Boyles, kumakatawan sa Mayor ng Ubay, Bohol at Ubay Vice-Mayor Nelso Uy.

## 'Agripreneurship'... MULA SA P.1

PCC *executive director.*

Ang librong "25 Faces of Success in Carapreneurship" at isang bagong *audio-visual presentation* ay inilunsad bilang bahagi ng programa.

"Aming tinunton ang mga kuwento ng mga "carapreneurs" na ngayo'y inaani na ang mga matatamis na benepisyo mula sa kanilang pagpapagal sa kabila ng mga hirap na kanilang dinanas," ani Rowena Bumanlag, *anniversary overall chair* at pinuno ng Applied Communication Section ng PCC Knowledge Management Division.

Samantala, binigyang pugay naman ni Usec. Serrano ang PCC sa walang humpay nitong pagtulong sa pagpapaangat ng estado ng pamumuhay ng mga maliliit na magsasaka sa kanayunan sa tulong ng kalabaw bilang instrumento ng pag-unlad.

Ang lundo ng programa ay ang pagpaparangal ng mga natatanging "carapreneurs" at mangangalabaw sa iba't ibang kategorya.

Si Carlo Magno Abellanosa ng Don Carlos, Bukidnon ay nagkamit ng parangal sa "Best Family Module"; ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPCI) ng Science City of Muñoz, Nueva Ecija ay pinangalanan na "Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative"; si Erlinda Mercader ng San Jose City, Nueva Ecija ay nagkamit ng titulong "Modelong Juana sa Pagkakalabawan"; at si Rolly Richard Zalameda ng Ormoc City, Leyte ay naging "Huwarang Kabataan sa Pagkakalabawan"; si Leopoldo Marcos ng San Jose City, Nueva Ecija ay kinalala bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" smallhold category; si Eliseo Mislang ng San Jose City, Nueva Ecija bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa *semi-commercial category;* at Andy Poe Garcia ng Magalang, Pampanga bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa *commercial category.* Si Miguel Alfonso ng CAMPCI ang nanalo ng "Gintong Kalabaw Cup" bilang may-ari ng "Best Senior Dairy Buffalo Cow".

May mga bagong kategorya ngayong taon na naidagdag sa hanay. Si Carlos Cruz ng Tanay, Rizal ay pinangalanan bilang "Outstanding Independent Dairy Farmer" sa *semi-commercial category* habang si Ernesto Padolina ng General Tinio, Nueva Ecija ang kinalala sa commercial category.

Bukod sa *anniversary program*, mayroon pang ibang aktibidad na ginanap sa loob ng limang araw na selebrasyon ng anibersaryo ng PCC mula Marso 25 hanggang Marso 29. Kabilang dito ang "R4D Pre In-House Review" kung saan higit sa 20 na *research papers* ang sinuri.

Sa "Farmer's Field Day cum Technology Showcase" ipinakita sa isang eksibit ang *value chain* sa *dairy buffalo production and management.*

Sa "PCC Employees' Night" pinarangalan naman ang mga natatanging empleyado ng ahensiya: Dr. Daniel Aquino ng PCC sa Central Luzon State University (PCC @CLSU), "Outstanding Center Director", Ludivina Estimo ng PCC sa University of Southern Mindanao, "Outstanding Supervisor", Engr. Fiorelia Aguinaldo ng PCC@CLSU, "Outstanding Development Officer", at Ma. Corazon Casal ng PCC sa University of the Philippines Los Baños, "Outstanding Support Staff". Ang mga empleyadong na matagal na sa PCC ay binigyan din ng parangal.

Ang iba pang mga aktibidad ay "Value Chain Players Consultation on National School Feeding Program Implementation", "Training-Workshop for PCC Regional Information Officers (RIOs): Strengthening Reportage of Regional CDP Highlights", "Sports Day", "Karwanan", at "HR Transformational Seminar".

# Mga piling magsasaka nagsipagtapos sa kauna-unahang FLS-DBP sa Bukidnon

NINA CHARLENE JOANINO, JESON CANDOLE AT DORIE BASTATAS




**Dalawampung magsasaka ang matagumpay na nakatapos at nakakuha ng sertipiko sa *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)* sa Abellanosa's *Learning Site* sa San Francisco, Don Carlos, Bukidnon noong Ika-11 ng Abril.**

Ang nasabing FLS-DBP ay isinagawa sa pagtutulungan ng PCC sa Central Mindanao University (PCC@CMU) at lokal na pamahalaan ng Don Carlos.

"Binibigyan ng FLS-DBP ang mga magsasaka ng mga pamimilian o opsyong teknolohiya na maaring gamitin upang mapagbuti ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw at negosyong salig dito," ani Rovelyn Jacang, *science research specialist I* ng PCC Knowledge Management Division (KMD).

Nagsimula ang FLS-DBP sa Don Carlos noong Ika-8 ng Agosto nang nakaraang taon. Tumagal ito ng 34 linggo at isinagawa isang beses kada linggo.

Ang mga nagsipagtapos ay mula sa mga barangay ng San Francisco, New Visayas, at Kalubihon sa bayan ng Don Carlos.

Ayon kay Jacang, ang tunay na pagsasanay ng mga magsasaka ay magsisimula pa lamang kapag gagamitin na nila ang natutunan mula sa FLS-DBP.

Samantala, binigyang diin naman ni Dr. Lowell Paraguas, *center director* ng PCC@CMU, ang kahalagahan ng inisyatiba kaugnay ng implementasyon ng RA 11037 o "Masustansiyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act".

Sa ilalim ng batas, ang pagpapainom ng gatas ay bahagi ng isinusulong na *national feeding program.*

"Aming tinatawagan ang mga maggagatas upang harapin ang hamon sa pagtugon sa malaking pangangailangan sa gatas na hatid ng batas," paghihimok ni Dr. Paraguas.

Limang magsasaka ang binigyan ng medalya bilang pagkilala sa kanilang ipinamalas na husay sa FLS-DBP. Ang mga naparangalan ay sina Lauren Aurita, Lourdes Decipolo, Bernalda Aurita, Fredie Janiola, at Nida Abellanosa.

Isinagawa ang FLS-DBP sa Don Carlos bilang isa sa mga inisyatiba sa "Karbawan" o sa "Communication for Development Campaign" ng KMD. Layunin ng Karbawan na mapalakas at mapalaganap pa ang Carabao Development Program sa Visayas at Mindanao.

Kaugnay ng Karbawan, bukod sa Don Carlos, Bukidnon, 44 kasapi ng Polanco Carabao Breeders and Raisers Association naman ang nagsipagtapos sa FLS-DBP noong Pebrero sa Polanco, Zamboanga del Norte. Habang noong Disyembre ng nakaraang taon, 25 kasapi ng Ipil Carabao Farmers Association ang nakatapos sa Ipil, Zamboanga Sibugay. Ang dalawang FLS-DBP ay sa pagtutulungan ng PCC sa Mindanao Livestock Production Center at mga lokal na pamahalaan ng Polanco at Ipil.

Ang iba pang *target sites* ng Karbawan ay Sapian, Capiz; Leon, Iloilo; at Sto. Niño, South Cotabato.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# iASK

iyong alamin solusyong kaya natin!

**Ano ang *stylo* at bakit mainam na pakain ang legumbre na tulad nito?**

*Isinalin sa wikang Filipino ni Charlene Joanino mula sa Knowledge Product nina Prof. Franklin Rellin at Maximo Wandangan*

Ang *stylo (Stylosanthes guianensis)* ay isang uri ng legumbre. Ito'y nagtataglay ng *21.7% crude protein, 27% dry matter* (bilang pakain), *13.8 g calcium* at *17.6 g potassium* bawat kilogramo ng *dry matter.* Mainam itong damong pakain sa mga kalabaw tuwing tag-init.

**Ano-anu ang katangian ng stylo?**

- Kaya nitong mabuhay sa iba't ibang uri ng lupa at klima
- Maaaring mabuhay ito kasama ang iba pang damo sa pastulan
- Di namamatay kahit tagtuyot at kahit natatapakan ng mga hayop
- Kayang labanan ang pagtubo ng *weeds* tulad ng *cogon* at *themeda* sa pastulan
- Mas pinaiinam ang *average daily gain* ng bulo mula 450 g hanggang 550 g tuwing ipakakain bilang parte ng protina (katulad ng *70% grasses; 20% stylo leaf* weed *at 10% concentrates*)
- Ginagamit bilang *cover crop*, dahil pinagaganda nito ang *soil fertility* at nilalabanan ang pagguho ng lupa
- Ito ay maaring gamitin sa *cut-and-carry feeding* (kumpay)

**Bukod sa pagiging pakain, ano ang karagdagang ganansiyang hatid ng stylo?**

Maaaring pagkakitaan ng magsasaka ang *seed production* ng *stylo.* Sa kada isang ektaryang taniman nito ay maaaring makakuha ng 50 kg -150 kg na buto. Ang magsasaka ay maaaring kumita ng Php500 kada kg na aabot sa Php25,000 hanggang Php75,000 kada taon. Habang sa kada ektarya ng *stylo* ay 2-3 tons naman ng *leaf meal* ang maaring makuha. Kung ito'y ibebenta ng Php3.50 kada kilo ay maaring magkaroon ng kita na Php3,500 bawat tonelada ang isang magsasaka.


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Philippine Carabao Center na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang-maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang **"impact zone"**, samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.

## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Charlene S. Joanino
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Nag-ambag ng Artikulo:** Kimberly B. Turaja, Leinefe L. Aton, Jeson Candole, Dorie S. Bastatas
**Layout:** Chrissalyn L. Marcelo
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Tagapayo:** Wilma T. Del Rosario
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio